

Artikulo

ANG ANTAS NG PULITIKAL NA PAGKILOS BILANG EPEKTO NG SOSYAL NA IDENTIDAD BILANG PILIPINO, NG MGA REPRESENTASYON TUNGKOL SA DEMOKRATIKONG PAGKAMAMAMAYAN, AT NG PULITIKAL NA BISA

Maria Cecilia Gastardo-Conaco

Department of Psychology

University of the Philippines (UP), Diliman, Quezon City

Diwa Malaya A. Quiñones

Department of Psychology

University of the Philippines (UP), Diliman, Quezon City

Gamit ang *Democratic Citizenship Questionnaire* (Doise, personal na komunikasyon, 1999), sinukat ang pagpapakahulugan ng mga kolehiyong mag-aaral tungkol sa demokratikong pagkamamamayan at napag-alamang positibo ang mga representasyong sosyal ng demokrasya, tungkuling pulitikal, mabuting mamamayan, karapatang pantao sa bansa, at karapatang pantao sa mundo at nakahanay sa inaasahang direksyon. Sapagkat sinasabing ang mga panlipunang representasyon o representasyong sosyal ay maaaring nakaaapekto sa identidad at sa pagkilos ng mga indibidwal na humahawak ng mga ito, tinitingnan din namin ang relasyon ng mga representasyon tungkol sa demokratikong pagkamamamayan sa sosyal na identidad (*social identity*) bilang mga Pilipino, mga atityud tungkol sa pamahalaan, pulitikal na mga pagkilos, at pulitikal na bisa (*political efficacy*). Sa teorya namin, ang identidad bilang Pilipino ang magiging pinakapundasyong salik na magtutulak sa mga representasyon ng demokratikong pagkamamamayan at ng mga atityud tungkol sa pamahalaan at mga pulitiko. Ito naman ay may implikasyon sa pulitikal na bisa, pulitikal na tiwala (*political trust*) at pulitikal na kawalang-tiwala (*political cynicism*) na inaasahang makaaapekto sa pagkilos sa larangang pulitikal. Ang resulta ng analisis ng datos ay nagpakita ng suporta sa pangkalahatang modelo subalit iilang salik lamang sa ilalim ng bawat kategorya ng baryabol ang makahulugan. Napag-alamang ang sentralidad ng identidad, ang mga representasyon ng mabuting mamamayan, at ang pulitikal na bisa ang mga pangunahing salik na may epekto sa mga pagkilos-pulitikal na siyang marka ng isang mabuting mamamayan.

Using the Democratic Citizenship questionnaire (Doise, personal communication, 1999), we measured the meanings of democratic citizenship for college students and noted that social representations of democracy factors, political functioning, the good citizen, the country's human rights, universal human rights were all positive and in the expected direction. Since these social representations are theorized to impact on identity and behaviors of individuals holding these representations, we also looked into social identity as Filipino, attitudes towards government, political behaviors and political efficacy to see their interrelation with social representations of democratic citizenship. We theorized that social identity as Filipino would be the base factor influencing our social representations of democratic citizenship and our attitudes towards government and politicians. These, in turn, would have impact on political efficacy, political trust and political cynicism, which would then affect our political behaviors. Results of our analysis of the data showed a general support of the overall model although only certain factors under each category of variables contributed significantly to political behavior. It would appear that identity centrality, our representations of what makes a good citizen, and our political efficacy are the major factors that impact on our political behaviors indicative of the good citizen.

PANIMULA

Sa panahon kung saan napakahalaga ng pagsali at pagkilos ng mga mamamayan sa larangang pulitikal ng bansa upang makapag-ambag sa pag-unlad nito, kagaya sa napipintong halalan sa 2016, importanteng matunton ang mga salik na nag-uudyok sa mga mamamayan na kumilos o sumali sa mga gawaing sibika. Maaari ding balikan ang nakaraan, halimbawa ang kinikilalang EDSA People Power noong 1986, kung saan ang maraming mamamayan ay sumama at nakilahok sa mga kilos-pulitikal. Sa mga ordinaryo at piling mga pagkakataon, ano kaya ang nagtutulak sa mga Pilipino na gampanan ang mga pulitikal na pagkilos? Ito ang layunin ng pag-aaral na ito. Partikular, titingnan ang kontribusyon ng sosyal na identidad (*social identity*) bilang Pilipino, mga representasyon tungkol sa demokratikong pagkamamayan, mga atiyud tungkol sa pamahalaan at mga pulitiko, pulitikal na bisa (*political efficacy*), pulitikal na tiwala (*political trust*) at pulitikal na kawalang-tiwala (*political cynicism*) sa antas ng pulitikal na mga pagkilos ng mga mamamayan.

Sa kumperensiya ng Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Naga noong 2013, ibinahagi ng mga may-akda ang resulta ng isang panimulang pag-aaral tungkol sa mga nabubuong representasyong sosyal (*social representation*) ng demokratikong pagkamamayan ng piling kabataang Pilipino (Gastardo-Conaco at Quiñones 2013). Sa aming palatanungan, inalam kung alin ang mga kinokonsidera bilang mahahalagang salik na maaaring tumutukoy sa mga nabubuong mga representasyong sosyal tungkol sa demokratikong pagkamamamayan kagaya ng mga elemento ng

pulitikal na gampanin (*political functioning*), ilang mga pagpapakahulugan sa kung sino ang mabuting mamamayan, at sa mga kinokonsiderang mga karapatang pantao. Napag-alaman namin na ang mga representasyon ng demokrasya at karapatang pantao ay positibo at ayon sa mga tanggap na pamantayan. Subalit ang malaking katanungang hindi nasagot sa pag-aaral na iyon ay kung ano ang mga posibleng implikasyon ng mga pinanghahawakang mga representasyong ito ng kabataang Pilipino. Ano ang katuturan ng pagkakaroon ng positibong mga representasyon ng demokratikong pagkamamamayan sa mga kilos at gawain ng tunay na mamamayan?

Sa kadahilanang nakikita naming may kakulangan ang sikolohikal na literatura sa paksang ito, nagdesisyon kaming ipagpatuloy at palawakin pa ang aming pag-aaral at tingnan kung ano ang koneksyon ng mga kognitibong representasyong sosyal hinggil sa demokrasya, kasama pa ang ilang mga pulitikal na identidad at mga pananaw, sa aktuwal na mga pagkilos sa larangang pulitikal. Nilalayon sa pananaliksik na ito na tingnan muli ang mga representasyon, kung may mga pagbabago ba sa mga inindorsong mga representasyon tungkol sa demokratikong pagkamamamayan mula noong 2013, at ang iba pang mga posibleng salik (kagaya ng sosyal na identidad, atityud sa gobyerno at mga pulitiko, pulitikal na bisa, pulitikal na tiwala, at pulitikal na kawalang-tiwala) sa antas ng pulitikal na pagkilos ng kabataang mamamayan.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, tiyak na matutugunan ang kakulangan sa kaalaman na mayroon sa disiplina ng Sikolohiyang Pilipino pagdating sa pulitikal na pagkilos ng mga mamamayan.

ANG MABUTING MAMAMAYAN

Maraming pagsasangay ang pagbibigay-kahulugan sa konsepto ng mabuting mamamayan. Pinakamalapit na marahil sa pag-aaral na ito ang tinutukoy ni Doise (personal na komunikasyon, 1999) na demokratikong pagkamamamayan. Masasabing mabuti ang isang mamamayan kung iniindorso nito ang mga salik ng demokrasya at kung naniniwala siya sa mga karapatang pantao.

Kung babalikan natin ang lokal na literatura, makikitang may iilang mga pag-aaral na may sinasabi na tungkol sa mga paksang ito. Nauna na rito ang tesis masterado ni de los Santos (2010) na gumawa ng isang iskala sa pagkamakabayan. Sa kanyang iskala, natunton na may anim na dimensyon ang pagkamakabayan. Kasama rito ang pagiging aktibo, pagiging makabansa, pagiging mabuting mamamayan, pagiging makakapwa, pagiging positibo, at pagiging maka-Pilipino. Nakita ritong ang pagiging mabuting mamamayan ay isang elemento sa ilalim ng pagkamakabayan. At mahalaga rin sa pagkamakabayan ang pagsuporta ng identidad bilang Pilipino.

Sa pag-aaral naman nina Sio at Quiñones (2014), sinuri ang pagkatao (gamit ang panukat ng Mapa ng Loob ni del Pilar 2011) at mga pananaw ng kabataang Pilipino sa mga isyung panlipunan. Lumalabas na mailalarawan ang pagkatao ng makabayang kabataang Pilipino batay sa disposisyon sa buhay (*extraversion*), pamamaraan ng pag-iisip (*openness*), pakikitungo sa kapwa (*agreeableness*), at pagtupad ng mga gawain (*conscientiousness*). Napag-alaman din na ang

kabataang Pilipino ay masigla, masayahin, at palakaibigan, mahilig sa kaalaman at makasining, maunawain, masikap, at responsable—lahat ng mga positibong katangian ng pagkatao.

Angat din ang pananaw at atityud ng makabayang kabataang Pilipino sa mga isyung panlipunan (Sio at Quiñones 2014). Kumpara sa mga hindi gaanong mataas ang pagkamakabayan, mas positibo ang ebalwasyon at mas iniindorso ng mga mas makabayan ang pagkakapantay-pantay ng kasarian, pagkakapantay-pantay ng mga magkakaibang grupo sa ating lipunan, egalitarianismo, ang paniwala sa isang makatarungang mundo (*just world beliefs*), at *noblesse oblige* (isang pamantayang nag-oobliga sa mga taong nasa mas mataas na posisyon na maging mas marangal at tumulong sa mga mas nakabababa). Mas negatibo ang atityud at mas tinututulan din nila ang parusang kamatayan. Malinaw na nakita ng mga mananaliksik na may koneksyon ang pagkatao at pananaw sa mga isyu sa pagiging mabuting mamamayan.

Pagdating sa klase ng mga pagkilos, ipinapanukala ng isang lokal na literatura na may dalawang klase ng partisipasyon sa pulitikal na konteksto ng buhay (Sucgang 2006). Ang dalawang ito ay ang aktibong pakikilahok (*proactive engagement*), at ang pagkilos na nakatuon sa paglutas ng mga problema sa lipunan. Ang dalawang klase ng pulitikal na pakikilahok na ito ay mula sa kanyang pag-analisa ng mga salik (*factor analysis*) galing sa malawakang sarbey. Kung susuriin ang kanyang pananaliksik, kailangan pang busisiin ang mga salik na binabanggit dahil sa mataas ang *cross-loading* ng mga elemento sa mga ito.

Galing naman sa agham pampolitika, sa pag-aaral ni Dalton (2008) sa Estados Unidos, nakita niya na may dalawang pamantayan ng pagkamamamayan; ang isa batay sa tungkulin at ang isa ay batay sa pakikilahok o *engagement*. Ayon sa kanya, magkakaiba ang epekto ng mga pamantayang ito sa pagsali at pagkilos sa larangang pulitikal. Ang pagboto ay kilos na pinamamahalaan ng tungkulin pero ang pakikilahok ay nagreresulta sa mas malawak na pamamaraan ng pagsali sa kilusang sibika. Aniya, ang paghina ng partisipasyong pulitikal sa Estados Unidos sa kasalukuyan ay dahil sa pagbabago sa umiiral na pamantayan ng pagkamamamayan.

Ayon naman kay Theiss-Morse (1993), may apat na pananaw sa pagkamamamayan na nakaiimpluwensiya sa pagsali at pagkilos sa larangang pulitikal. Ito ay ang representatibong demokrasya (*representative democracy*), pagiging masigasig sa pulitika (*political enthusiast*), mga pinupursigang interes (*pursued interests*), at ang mamamayang walang pakialam o nagsasawalang-bahala (*indifferent citizen*). Ang mamamayang nagsasawalang-bahala ang sinasabing pinakawalang-kibo sa lahat. Sa Pilipinas kaya, ano ang mga pananaw sa pagkamamamayan at anong epekto nito sa pagsali at pagkilos ng indibidwal?

Sa pananaliksik na ito, minarapat naming bigyan ng operasyonalisasyon ang mabuting mamamayan ayon sa mga ginagampanang pulitikal na pagkilos. Ito ay sa pamamagitan ng pagbuo ng instrumentong sumusubok na tumapik sa mga pamantayan ng pagkamamamayan na inilatag nila Dalton (2008), de los Santos (2010), at Theiss-Moore (1993).

Ang mga pulitikal na pagkilos (*political behaviors*) na aming sinukat ay mula sa simpleng pagkabisado ng Panatang Makabayan at Pambansang Awit hanggang sa paggampan ng iba pang mas mabigat na pulitikal na pagkilos tulad ng pagrehistro at pagboto tuwing eleksyon, kaalaman sa mga isyu sa bansa, pananaliksik ng impormasyon tungkol sa mga isyu, paghayag ng aktibismo sa Internet, pakikilahok sa mga diskusyon hinggil sa mga isyu, at pagdalo sa mga pulitikal na protesta o *rally* sa lansangan.

SOSYAL NA IDENTIDAD BILANG PILIPINO AT ANG PAGIGING MABUTING MAMAMAYAN

Bago ang epekto ng mga kognitibong representasyon tungkol sa demokratikong pagkamamamayan sa mga pulitikal na pagkilos ng mamamayan, itinuturo din ng literatura ang iba pang sikolohikal na mga salik na posibleng may kontribusyon dito. Isa na rito ay ang sosyal na identidad bilang Pilipino. Tumutukoy ang sosyal na identidad sa bahagi ng sarili na nagmumula sa mga kinabibilangang grupo sa lipunan. Sa mga naunang pag-aaral nina Tajfel at Turner (1979) at ng kanilang mga kasamahan (Ellemers at Haslam 2012), napakalaki ng papel ng sosyal na identidad sa maraming aspektong panlipunan, kagaya ng ating mga pananaw at pagkilos sa sariling grupo at sa mga miyembro ng ibang grupo. Sa mga pagkakataong matingkad ang sosyal na identidad mula sa kinabibilangang grupo, maaasahang maiimpluwensiyahan nito ang mga kaisipan at pagkilos ng isang tao. Sa mga pananaliksik ni Liu at Gastardo-Conaco (2011), nakitang mahalaga ang identidad bilang Pilipino sa pagsali sa mga kilos protestang tulad sa nakaraang EDSA People Power na nagpaalis kay Joseph Estrada sa puwesto bilang Pangulo.

Sa ilan pang pag-aaral ni Quiñones (2013; 2014), ang sosyal na identidad bilang Pilipino, kasama pa ang mga representasyong sosyal ng pagiging Pilipino bilang positibo at makakapwa, ay may makabuluhang kontribusyon sa pagiging mabuting mamamayan, partikular sa pagiging makabayan.

ANG MGA REPRESENTASYONG SOSYAL NG DEMOKRATIKONG PAGKAMAMAMAYAN

Isa sa mga nag-udyok sa pananaliksik na ito ang malaking interes sa konsepto ng mga representasyong sosyal, partikular ang mga nauukol sa demokratikong pagkamamamayan. Ano nga ba ang representasyong sosyal at ano ang kabuluhan nito? Ito ang konseptong unang inilahad ng sikolohistang Pranses na si Serge Moscovici (1988). Ayon sa kanya, ito ay sistema ng pagpapakahulugan na binubuo ng mga pagpapahalaga, kaisipan, at gawi na may dalawang silbi. Una, upang magtatag ng isang kaayusan nang sa gayon ay mapalagay ang indibidwal sa kanyang materyal na mundo at lipunan at masanay nang mabuti rito; pangalawa, upang mapagana ang komunikasyon sa mga miyembro ng isang komunidad sa pamamagitan ng isang kodigo ng pagpapalitang sosyal (*social exchange*) at kodigo ng pagpapangalan at pagsasakategorya ng iba't ibang aspekto ng kanilang mundo at kasaysayan, pang-indibidwal man o panggrupo. Kaya ang representasyong sosyal ay isang kolektibong produkto at ang pagpapalitaw nito ay nakatutulong

upang maintindihan ang mga pananaw ng grupong siguradong nagtutulak sa pagkilos ng mga miyembro nito.

Sa mga silbing ito at sa mga kaakibat na proseso, masisilayan na ang mga representasyong sosyal ay maaaring nag-uugat sa matitingkad na sosyal na identidad (Breakwell 1993). Kung pinahahalagahan ng mga mamamayan ang kanilang sosyal na identidad bilang Pilipino, natural na lilitaw sa kanila at panghahawakan din nila ang mga representasyong sosyal na pinaniniwalaan nilang tangan din ng iba pa nilang kapwa Pilipino. At dahil nga sa nagiging gabay ang representasyong sosyal ng paraan ng pakikitungo, maaasahang makaaapekto ito sa antas ng pagiging mabuting mamamayan ng mga Pilipino.

Ang mga representasyong sosyal ng demokratikong pagkamamamayan ay ang mga itinuturing na pagpapahalaga, kaisipan, at gawi tungkol sa demokratikong pagkamamamayan ng isang grupo (halimbawa, isang bansa), at produkto ito ng kanilang kakaibang karanasan at kasaysaysan. Inaasahang ito ang nasa ilalim ng mga kilos ng mga indibidwal na miyembro ng lipunang iyon.


Ayon sa sikolohistang panlarangan na si Willem Doise (personal na komunikasyon, 1999), masisilayan ang demokratikong pagkamamamayan sa mga representasyon patungkol sa tungkuling pulitikal, sa mga karapatang pantao, at sa mabuting mamamayan. Nakaayon ito sa pananaw ni Moscovici (1988) tungkol sa mga representasyong sosyal na sa kaso ni Doise ay nakatuon sa demokratikong pagkamamamayan. Subalit ang pag-aaral ni Doise ay masasabing limitado ang saklaw sa pagpalitaw lamang sa mga demokratikong representasyon; hanggang larangang kognitibo lamang ang kanyang pag-aaral at hindi na tumuloy pa sa larangang pagkilos. Dahil sa limitasyon ng kanyang naunang pag-aaral, minarapat naming alamin kung paano na ang mga representasyong ito ay maaaring makapag-udyok sa pagiging mas aktibo ng mga mamamayan sa larangang pulitikal.

Idinagdag din sa pag-aaral ang mga atityud patungkol sa gobyerno at mga pulitiko. Dahil ang mga ito ay ebalwasyong pinanghahawakan ng tao tungkol sa mga bagay sa kanyang lipunan, possible ring maimpluwensiyahan ng mga ito ang gagawing pagkilos sa mga bagay na kanilang pinagtutuunan.

PULITIKAL NA BISA, PULITIKAL NA TIWALA, AT PULITIKAL NA KAWALANG-TIWALA

Ang literatura ng agham pampulitika ay nagtuturo din sa tatlong konseptong likas na sikolohikal at sentral ang epekto sa kilos pampulitika (Craig 1979)—ang paniniwala sa abilidad at kakayanang may magagawa upang magkaroon ng pagbabago o makapag-ambag sa pulitika sa bansa bilang indibidwal o bilang bahagi ng grupo (*political efficacy*), antas ng negatibong pananaw o kawalan ng tiwala sa gobyerno (*political cynicism*), at lebel ng pagtitiwala sa mga pulitikal na institusyon sa bansa, sa gobyerno, at mga sangay nito (*political trust*).

Figura 1
Balangkas ng Pag-aaral



Sa aming pagtantiya, kasabay ng pag-angat ng pulitikal na bisa ang pagdami ng ginagampanang pulitikal na pagkilos. Gayundin naman sa pulitikal na tiwala: habang mas pinagtitiwalaan ng mamamayan ang mga pulitikal na elemento at institusyon ng bansa, higit din silang naeengganyong makilahok sa buhay-pulitika na pinatutunayan ng kanilang mga pulitikal na pagkilos. Ang pulitikal na kawalang-tiwala naman ay maaaring nagdudulot ng hindi paggampan ng mga pulitikal na gawain.

BALANGKAS NG PAG-AARAL

Ipinapakita sa Figura 1 ang balangkas ng pag-aaral kung saan pinagsama-sama ang mga nababanggit na salik ng pulitikal na pagkilos. Sentral at nauuna ang identidad bilang Pilipino, kasunod ang mga atityud sa gobyerno, mga pulitiko at mga representasyon tungkol sa demokrasya,

at panghuli ang kumpol ng pulitikal na bisa, pulitikal na tiwala, at pulitikal na kawalang-tiwala. Lahat ng mga ito ay tinatayang makaaapekto sa antas ng pagkamabuting mamamayan na itinatakda ng mga pulitikal na pagkilos kagaya ng pagboto, pangangampanya, at pagbibigay-suporta sa iba't ibang layon, pagsama sa kilos-protesta, at iba pa.

METODO

Disenyo ng pananaliksik

Gumawa kami ng isang palatanungan na hango sa *Democratic Citizenship Questionnaire* (Doise, personal na komunikasyon, 1999) na isinagawa sa wikang Ingles gamit ang Google Forms. Ang katanungan ay nakatuon sa mga nabubuong representasyong sosyal ng demokratikong pagkamamamayan (mga tungkulin ng mga pinuno, unibersal na karapatang pantao, karapatang pantao sa Pilipinas, mabuting mamamayan, salik ng demokrasya). Dinagdag namin dito ang ilang iskalang nagsusukat ng mga baryabol na isinama namin sa pag-aaral. Isa sa mga idinagdag ay ang panukat ng sosyal na identidad ni Cameron (2004) na binubuo ng tatlong elemento—sentralidad o dalas ng pag-iisip tungkol sa sariling grupo (*centrality*), kalidad ng pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng sariling grupo (*ingroup ties*), at ang pagkapositibo ng damdamin hinggil sa sariling grupo (*ingroup affect*). Ang iba pang idinagdag na panukat ay dinibelop ng mga mananaliksik para sa pag-aaral na ito—ang panukat ng mga atityud tungkol sa gobyerno at pulitika sa bansa, at ang mga panukat ng pulitikal na bisa, pulitikal na tiwala, at pulitikal na kawalang-tiwala.

Mga kalahok

Pitumpu't walong ($N=78$) kalahok, lahat mga mag-aaral sa kolehiyo sa Kamaynilaan na kumukuha ng Psychology 101, ang sumagot sa palatanungang nasa Internet para makakuha ng kredito sa pananaliksik na kailangan sa kanilang mga kurso. Ang karaniwang edad ng mga kalahok ay 19.8 taong gulang ($SD = 1.9$). Mas marami nang kaunti ang mga lalaki kaysa sa mga babae (58% laban sa 42% na babae). Karamihan ay Katoliko (64.1%) at mula sa middle socio-economic status (84.6%), ayon sa kanilang sariling pagtatasa.

Minarapat naming tutukan ang kabataang mamamayang Pilipino na nasa kolehiyo dahil sa paniniwalang nasa antas sila ng debelopment na kritikal sa paghuhubog sa kanilang buhay-pulitika. Sa pamamagitan ng higit na pag-unawa sa mga salik na makabuluhan sa kanilang buhay bilang mamamayan, inaasahang mas makapag-aambag ng kaalaman upang mahikayat silang tunay na gampanan ang kanilang pagiging mabuting mga Pilipino.

Hanayan 1
Descriptive Statistics

Variables	Mean	SD	Cronbach's Alpha	Response Range
Pulitikal na pagkilos (dependent variable)	20.42	2.63	0.62	1 to 28
Social Identity bilang Pilipino				
Centrality	4.67	1.11	0.79	1 to 7
Ingroup Ties	4.90	1.03	0.88	1 to 7
Ingroup Affect	4.96	1.10	0.88	1 to 7
Mga Representasyon				
Political Functioning	1.87	0.16	0.53	1 to 2
Mabuting Mamamayan	3.45	0.33	0.86	1 to 4
Karapatang Pantao sa Bansa	3.79	0.62	0.88	1 to 5
Salik ng Demokrasya	4.43	0.40	0.78	1 to 5
Pandaigdigang Karapatang Pantao	4.42	0.46	0.88	1 to 5
Atityud sa Gubyerno at mga Pulitiko	1.99	0.69	0.86	1 to 5
Political Efficacy	3.86	0.80	0.58	1 to 5
Political Cynicism	3.62	0.93	--	1 to 5
Political Trust	2.40	0.89	--	1 to 5

Note. $N = 78$. Tig-isang aytem lang ang mga variable na walang naka-ulat na Cronbach's alpha.

KINASAPITAN AT PAGTALAKAY

Unang tiningnan ang mga mapaglarawang estadistika para makita ang pangkalahatang larawan ng mga kalahok. Sa Hanayan 1, mapapansin na halos lahat ng mga panukat ay mataas ang *alpha*, ibig sabihin maasahan ang mga ito (mataas ang *reliability*), maliban sa mga panukat ng pulitikal na bisa at representasyon ng tungkuling pulitikal na may kaunting kahinaan subalit katanggap-tanggap pa rin.

Interesanteng matuklasang may kataasang antas ng pagkilos sa larangang pulitikal ($M = 20.42$, $SD = 2.63$) ng aming mga kalahok. Sa iskalang abot 28 ang sukat, makikitang ang mga estudyanteng lumahok sa pananaliksik ay tila sangkot at aktibo sa kilos-pulitikal. Ito kaya ay natatangi sa grupong ito lamang o maaasahan ba nating ganito na talaga ang ating kabataang Pilipino—may kamalayan at sumasali sa kilos pampulitika?

Kapansin-pansin din na ang mga representasyong sosyal ay pawang positibo at may kataasan (tingnan muli ang Hanayan 1). Ito ay hindi nagbago simula nang unang gamitin ang palatanungan noong taong 2013. Ibig sabihin, malakas at positibo pa rin ang pag-endorso ng kabataan ng mga representasyong sosyal ng demokratikong pagkamamamayan, kasama ang tungkuling pulitikal,

mabuting mamamayan, karapatang pantao sa bansa, unibersal na karapatang pantao, at mga salik ng demokrasya.

Mababa naman ang atityud ng mga kalahok sa gobyerno at sa mga pulitiko. Sa iskalang mula 1 hanggang 5 (kung saan ang 1 ay *lubos na hindi sumasang-ayon* at ang 5 ay *lubos na sumasang-ayon* sa ilang mga pahayag tungkol sa gobyerno), ang *mean* ay nasa 1.99 ($SD = 0.69$). Ibig sabihin, nasa negatibo ang pananaw ng mga kalahok sa gobyerno at sa mga pulitiko. Hindi ito kataka-taka dahil sa halos umuulang mga iskandalo at balita ng korupsiyon sa gobyerno sa mga panahong ginawa ang pag-aaral. Sinusuportahan din ito ng walang patid na mababang iskor ng Pilipinas sa taunang Corruption Perception Index na isinasagawa ng Transparency International (tingnan ang www.transparency.org).

Para sa mga kalahok, mataas at matatag ang sosyal na identidad bilang Pilipino na ipinapakita sa pamamagitan ng mga bahagi ng identidad—sentralidad, koneksyon sa sariling grupo, at damdamin sa sariling grupo—at bahagya lamang ang pagkakaiba ng mga bahaging ito. Para sa mga estudyanteng sumali sa pag-aaral, sentral sa kaisipan ang pagiging Pilipino, positibo ang mga ugnayan nila sa kapwa Pilipino, at positibo ang kanilang mga damdamin hinggil sa pagiging Pilipino. Sa pangkalahatan, masabing malakas ang sosyal na identidad bilang Pilipino ng kabataang kalahok ng aming pag-aaral.

Ang pulitikal na bisa ng grupo ay lampas sa katamtaman ($M = 3.86$, $SD = 0.80$); ganoon din ang pulitikal na kawalang-tiwala ($M = 3.62$, $SD = 0.91$); at mababa sa katamtaman naman ang pulitikal na tiwala ($M = 2.40$; $SD = 0.89$). Hindi rin kataka-taka ang kombinasyon ng mababang tiwala at may kataasang kawalang-tiwala, lalo na kung babalikan natin ang negatibong atityud ng mga kalahok sa gobyerno at sa mga pulitiko at ang kasalukuyang konteksto ng mga ginagawang katiwalian ng mga taong nasa kapangyarihan sa bansa.

Dahil sa interes naming tingnan ang relasyon ng mga konseptong ito at maipakita ang relasyon nila sa kilos, gumamit kami ng *hierarchical regression analysis* kung saan isa-isa naming ipinasok ang mga salik (ayon sa aming orihinal na balangkas) at tiningnan ang epekto nito sa malayang baryabol (*dependent variable*) na pinagsama-samang pulitikal na pagkilos. Sa unang hakbang, ipinasok ang salik na sosyal na identidad bilang Pilipino; sa sumunod, idinagdag ang mga namumuong representasyong sosyal, kasama na ang atityud sa gobyerno at sa mga pulitiko na maaaring maituring na rin na uri ng representasyon; at sa panghuli, ipinasok ang pulitikal na bisa, tiwala, at kawalang-tiwala. Batay sa resulta (tingnan ang Hanayan 2), may katuturan ang tatlong *regression equations* at mas lumalaki ang *explained variance* (R^2) sa bawat dagdag na mga salik.

Pero kung titingnan naman natin ang detalye at tutukuyin ang kontribusyon ng bawat salik sa kabuuang epekto, makikitang hindi pantay ang kontribusyon ng mga ito. Sa Modelo 1 hanggang 3, mula sa mga bahagi ng sosyal na identidad bilang Pilipino, ang sentralidad lamang ang may makabuluhang kontribusyon (i.e., *statistically significant*). Ibig sabihin, kung mas madalas na nasasaisip ang pagiging Pilipino, mas malamang na tataas ang antas ng pagsali o pagkilos sa mga pulitikal na bagay sa bansa. Hindi kataka-taka ang relasyong ito.

Hanayan 2
Hierarchical Regression


Variable	Political Behaviors		
	Model 1	Model 2	Model 3
	β	β	β
(Constant)			
Social Identity bilang Pilipino			
Centrality	0.37**	0.43**	0.37**
Ingroup Ties	0.24	0.10	0.07
Ingroup Affect	-0.21	-0.09	-0.12
Mga Representasyon			
Political Functioning		0.05	0.06
Mabuting Mamamayan		-0.33**	-0.39**
Karapatang Pantao sa Bansa		0.06	-0.04
Salik ng Demokrasya		0.24	0.22
Pandaigdigang Karapatang Pantao		0.03	0.08
Atityud sa Gubyerno at mga Pulitiko		-0.23*	-0.22
Political Efficacy			0.30*
Political Cynicism			-0.08
Political Trust			-0.04
R ²	0.20	0.36	0.43
F	6.05**	4.34**	4.14**

Note. $N = 78$; * $p < .05$, ** $p < .01$

Sa ikalawang modelo, bukod pa sa sentralidad ng sosyal na identidad, sa hanay ng mga representasyong sosyal ay may makabuluhang kontribusyon din ang representasyon ng mabuting mamamayan. Mahalaga rin ang kontribusyon ng mga atityud tungkol sa gobyerno at sa mga pulitiko. Subalit negatibo ang mga relasyong ito. Madaling maintindihan kung bakit lalakas ang pagkilos kung mas negatibo ang atityud sa gobyerno. Habang tumitindi ang ebalwasyon ng mga mamamayan sa nangyayari sa bansa, posibleng mas kikilos sila para sumama sa mga protesta o ibang pang mga kaugnay na pagkilos. Halimbawa na rito ang nangyari sa EDSA noong 1986. Ngunit mas nakakapukaw-pansin kung bakit ang mas positibong representasyon sa pagkamabuting mamamayan ay nagreresulta sa paghina ng partisipasyon sa mga kilos pulitikal. Isang posibleng teorya ay ang hindi pagkakatugma ng kanilang ideyal na representasyon tungkol sa mabuting mamamayan sa katotohanan at reyalidad na kinahaharap nila. Kung ang palagiang makakaharap ay ang katotohanan na ang mga problema sa bansa ay bunga ng pagkakawalang bahala at hindi kanais-nais na mga pagkilos ng kanilang kapwa mamamayan (lalo na ng mga nanunungkulan), marahil tunay na magdudulot ito ng kabiguan at kawalang-ganang kumilos.

Sa ikatlong modelo, naroon pa rin ang malakas na positibong kontribusyon ng sentralidad ng pagka-Pilipino at ng representasyon ng mabuting mamamayan (na may negatibong epekto).

Figura 2
Bagong/Pinal na Balangkas ng Pananaliksik



Nawala na ang makabuluhang epekto ng atityud sa gobyerno at, sa halip, napalitan ng makabuluhang epekto ng pulitikal na bisa. Habang tumataas ang pulitikal na bisa, tumataas din ang partisipasyon at pagkilos sa larangang pulitikal. Ang pangatlong modelo ay nagpapaliwanag ng 48% ng *variance* o pagbabago sa pulitikal na pagkilos. Ito ay malaking pagpapabuti, halos doble, mula sa 20% na ipinaliwanag na pagbabago sa pulitikal na pagkilos kung identidad bilang Pilipino lamang ang ipinasok sa ekwasyon. Ang ibig sabihin nito, mas naipapaliwanag ang kilos pulitikal kaysa kung ang sentralidad ng identidad ng Pilipino lamang ang isasaalang-alang. Dapat ding matukoy ang representasyon ng mabuting mamamayan at ang kakayanang pulitikal ng indibidwal.

KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ginawang mas pino ang orihinal na balangkas tungo sa isang mas payak na modelo (tingnan ng Figura 2).

Mahalaga ang papel ng sosyal na identidad bilang Pilipino, lalo na ang sentralidad nito, ang dalas ng ating pag-iisip at lakas ng ating kamalayan tungkol dito. Ang mga representasyon tungkol sa kung ano ang mabuting mamamayan ay may mahalagang papel din sa partisipasyon at pagkilos sa larangang pulitikal ngunit tila hindi simple ang relasyong ito at posibleng mayroong interaksyon sa

mga pananaw hinggil sa katotohanan at reyalidad ng sitwasyong panlarangan at sa kilos ng mga kapwa mamamayan at mga lider pampulitika. Dagdag sa mga salik na ito, positibo rin ang kontribusyon ng pulitikal na bisa sa pagkilos pulitikal.

Bagaman ang *validity* ng pag-aaral na ito ay mas mataas para sa mga kalahok, ang *regression analysis* ay sumusubok din na estimahin ang maaaring epekto ng mga makabuluhang salik ng mabuting mamamayan pagdating sa populasyon. Kung kaya, maaari din nating tanungin, ano-ano ang mga posibleng implikasyon ng mga natuklasan sa pag-aaral na ito? Sa panahon ng maraming mahahalagang isyung sosyo-pulitikal, kagaya ng napipintong pambansang halalan, kung saan marami sa atin ay nababahala sa pagkawalang-bahala ng karamihan, lalo na ng kabataaan, importante ang resulta ng pag-aaral na ito.

Malaki ang kontribusyon ng sentralidad ng identidad sa pagkilos pulitikal. Kailangang mas mapatingkad at maisasaisip pa natin ang ating pagka-Pilipino para mas mahikayat tayong sumali at kumilos sa larangang pulitikal. Kasama rito ang pagpapanatiling maalam sa mga kasalukuyang isyu sa ating lipunan at sa paghahanap ng impormasyon para makagawa ng tamang desisyon at pagkilos pulitikal.

Ang edukasyon, sa pamamagitan ng paaralan, ng komunidad, at ng popular na midya, ay mahalagang susi sa pagpapatingkad ng identidad bilang Pilipino (Doronila 1989; Quiñones 2013), lalo na ngayon kung saan maraming diskusyon hinggil sa kurikulum bunga ng mga pagbabagong dulot ng sistemang K-12, pamamaraan ng pagtuturo ng kasaysayan, at nilalaman at tiyempo nito sa kurikulum (i.e., kung sa mataas na paaralan o sa kolehiyo ba ituturo). Ito ay dapat pag-isipan at planuhin nang mabuti dahil sa posibleng malaking epekto nito sa ating identidad bilang Pilipino, lalo na sa sentralidad at mga elementong kognitibo nito. Ang ating mga representasyon ng pagiging Pilipino ay mahalagang naapektuhan ng ating kaalaman tungkol sa ating kasaysayan.

Importante rin ang pulitikal na bisa, ang paniniwala sa sariling abilidad at sa kakayahang may magagawa pa upang mabago o makapag-ambag sa pulitika sa bansa. Nararapat itong mahubog at mapatingkad sa ating kabataan, na itinuturing na pag-asa sa hinaharap ng bayan.

Maliban sa papel ng edukasyon at ng sariling pamilya, malaki rin ang maaaring maidulot ng pagboboluntaryo at pagsali sa mga gawaing pangkomunidad bilang pamamaraan upang mapalakas ang kakayahang pulitikal. Kaya naman, dapat gumawa ng mga oportunidad ang gobyerno, ang paaralan, o ang lipunan para makapagsanay ng mabuting mamamayan at mapalakas pa ang pakiramdam ng kakayahang pulitikal.

SUSUNOD NA MGA HAKBANG

Dahil may iilang katanungang lumabas sa pag-aaral, kailangan pa ng mga kasunod na pananaliksik para matugunan ang mga ito. Una, kailangan pang pinuhin at intindihin nang mas malalim ang

pagkakaugnay ng sosyal na identidad sa mga kilos natin sa larangang pulitikal. Kasama na rito ang pagpipino sa ginagamit na panukat ng sosyal na identidad.

Kailangan ding suriin ang interaksyon ng pananaw tungkol sa aktuwal na gawi ng sarili at ng kapwa mamamayan sa tunay na buhay at ang mga ideyal na representasyon sa mabuting mamamayan, kasama na ang epekto nito sa pagkilos pulitikal.

Ang papel ng pakiramdam sa sariling kakayahang pulitikal sa pulitikal na pagkilos ay dapat pang masundan nang makita ang mga salik na nagpapabigat o nagpapagaan sa daloy ng relasyong ito.

Marami pang ibang salik na kailangan ding tingnan. Ang kaalaman tungkol sa at pagmamalaki sa sariling kultura at kasaysayan ng bansa at ang pakikipagkapwa at pundasyong moral ay ilan lamang sa mga naisipang may mga ambag din sa pagkilos bilang mabuting mamamayan. At dahil sa ngayon ay panahon na ng Internet, interesante ring matingnan kung paanong nababago ng paggamit ng Internet ang mga relasyong ito.

Sanggunian

- Breakwell, G. M. (1993). Social representations and social identity. *Papers on Social Representations*, 2(3), 1-20.
- Cameron, J. (2004). A three factor model of social identity. *Self and Identity*, 3(3), 239-262.
- Craig, S. C. (1979). Efficacy, trust, and political behavior: An attempt to resolve a lingering conceptual dilemma. *American Politics Research*, 7(2), 225-239.
- Dalton, R. J. (2008). Citizenship norms and the expansion of political participation. *Political Studies*, 56(1), 76-98.
- Doronila, M. L. C. (1989). *The limits of educational change: National identity formation in a Philippine public elementary school*. Q.C., Philippines: UP Press.
- de los Santos, A. (2010). *Pagkamakabayan: Pagsusuri ng konsepto at pagbuo ng iskala*. Di-nalathalang tesis masterado, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- del Pilar, G. H. (2011, Agosto). *The development of the Masaklaw na Panukat ng Loob (Mapa ng Loob)*. Di-nalathalang papel, 48th Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines, Iloilo City, Philippines.

- Ellemers, N. at Haslam, S. A. (2012). Social identity theory. Nasa P. Van Lange, A. Kruglanski, at T. Higgins (Mga pat.), *Handbook of Theories of Social Psychology* (pp. 379-398). London: Sage.
- Gastardo-Conaco, M. C. at Quiñones, D. M. A. (2013, Nobyembre). *Tungo sa mga social representations ng demokratikong pagkamamamayan (democratic citizenship)*. Di-nalathalang papel, Ika-38 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Naga City, Philippines.
- Liu, J. H. at Gastardo-Conaco, C. (2011). Theory and methods of a representational approach to understanding social movements: The role of the EDSA Revolution in a national psychology of protest for the Philippines. *Social Justice Research*, 24(2), 168-190. doi: 10.1007/s11211-011-0131-x
- Moscovici, S. (1988). Notes towards a description of social representations. *European Journal of Social Psychology*, 18(3), 211-250.
- Quiñones, D. M. A. (2013). *Social representations of Philippine government and of being Filipinos: Political socialization to the Filipino social identity of a sample of Filipino tertiary students*. Di-nalathalang tesis masterado, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Quiñones, D. M. A. (2014, Agosto). *Filipino social identity and social representations as predictors of pagkamakabayan*. Di-nalathalang papel, 51st Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines, Cagayan de Oro City, Philippines.
- Sio, C. at Quiñones, D. M. A. (2014, Nobyembre). *Pagkatao ng makabayang kabataang Pilipino*. Di-nalathalang papel, Ika-39 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, Manila, Philippines.
- Sucgang, E. P. (2006). Typology and Correlates of Political Participation among Filipinos. *Philippine Journal of Psychology*, 39(2), 31-65.
- Tajfel, H. at Turner, J. C. (1979). An integrative theory of intergroup conflict. Nasa W. G. Austin at S. Worchel (Mga pat.), *The Social Psychology of Intergroup Relations* (pp. 33-47). Monterey, CA: Brooks-Cole.
- Theiss-Morse, E. (1993). Conceptualizations of good citizenship and political participation. *Political Behavior*, 15(4), 355-380.
- Transparency International. (2015). Corruption Perceptions Index Overview. Nakuha mula sa <http://goo.gl/zbTUup>